

Mga Pag-upgrade sa Lugar ng Cayuga

Ang **Livable Streets** + **'Transform the Storm'**

Ang San Francisco Municipal Transportation Agency (SFMTA, Munisipal na Ahensya ng Transportasyon sa San Francisco) ay nakikipagtulungan sa San Francisco Public Utilities Commission (SFPUC, Komisyon ng Pampublikong Utilidad ng San Francisco). Ang kolaborasyong ito ay magdadagdag ng imprastrukturang luntian at nagpapakalma ng trapiko sa mga piling interseksyon sa hanay ng Cayuga Slow Street at sa kalapit nito. Nilalayan ng proyektong ito na gawing **mas ligtas**, **mas luntian**, at mas kaaya-aya ang koridor at ang mga koneksyon nito.

Ngayong tagsibol at tag-init, aanyayahan ng mga kawani ng lungsod na makibahagi ang komunidad upang bigyang hugis ang mga pagbabago sa hinaharap. Mahalaga ang inyong opinyon habang tinitingnan namin ang mga pag-upgrade sa kaligtasang pantrapiko at luntiang

Kasaysayan

Pinangungunahan ng subdibisyon ng **Livable Streets** ng SFMTA ang mga proyekto at programa sa buong lungsod upang lumikha ng mga ligtas at nang-iimbitang kalye para sa lahat.

Ang **Transform the Storm** ay isang pagsusumikap sa buong lungsod na pinangungunahan ng SFPUC upang maihanay ang mga oportunidad upang mapamahalaan ang tubig-ulan at maghatid ng mga benepisyo ng de-kalidad na buhay tulad ng pagluluntian, pagpapakalma ng trapiko, at kalunsuran.

Ang kolaborasyon ng Livable Streets at Transform the Storm ay naghahangad na gamitin ang kadalubhasaan at karanasan ng bawat ahensya upang maisakatuparan ang mga mas mabuting resulta kaysa kung ang mga programang ito ay isinusulong nang mag-isa.



Matatagpuan sa Upper Islais Creek watershed na malapit sa mga paaralan, transit at pangunahing komersyal na koridor, ang lugar ng Cayuga Slow Street ay nagbibigay ng katangi-tanging oportunidad para maihatid ng Livable Streets at Transform the Storm ang mga katulad na priyoridad: mas luntian, mas ligtas, at mas matatag na kapitbahayan at pampublikong espasyo.

Bumisita sa [SFMTA.com/CayugaSlowStreet](https://www.sfmta.com/CayugaSlowStreet) para sa mga karagdagang detalye tungkol sa proyektong ito.



Kaligtasan sa Trapiko

Ang proyektong ito ay magbibigay ng mga bagong hakbang sa pagpapakalma ng trapiko sa mga piling interseksyon sa hanay ng Cayuga Slow Street at maaaring samahan ng mga pag-upgrade sa mga dating inilagay na hakbang (tulad ng pagpipintura ng stripe sa kalsada, mga plastik na poste at karatula) na may mas permanente at epektibong materyales.

Kabilang sa mga posibleng pag-upgrade ang:

- Karagdagang pagpapakalma ng trapiko para sa mga tawiran at sona ng paaralan Concrete islands for Slow Street signage and traffic diverter(s)
- Mga kongkretong island para sa karatula ng Slow Street at (mga) pagpalihis ng trapiko
- Ilaw sa interseksyon (mga pulang sona para mas makita)
- Mas malalapad na bangketa at mas maiikling tawiran sa mga iminumungkahing lokasyon ng luntiang imprastruktura



Posibleng pag-upgrade sa pampalihis ng trapiko sa Geneva/Cayuga

Luntiang Imprastruktura

Ang **'Transform the Storm'** ay isang programang nagpapatupad ng **Luntiang Imprastruktura** upang samantalain ang mga natural na proseso ng mga lupa at halaman na pabagalin at salain ang tubig-ulan at pigilan ito sa pag-apaw ng kapasidad sa ating sistema ng alkantarilya.

Ginugol ng SFMTA at SFPUC ang nakaraang taon sa pagsasagawa ng teknikal na pagsusuri sa Upper Islais Creek watershed upang matukoy ang mga potensyal na oportunidad. Hindi bababa sa apat na site sa lugar ang mga mataas na priyoridad na kandidato para sa mga pag-upgrade ng luntiang imprastruktura.

Ang mga pag-upgrade sa luntiang imprastruktura ay iminumungkahi sa mga sumusunod na lokasyon:

- Cayuga & Ocean/Santa Ynez
- Alemanya & Ottawa/Huron
- Oneida sa pagitan ng San Jose at Otsego
- Capsitrano & Santa Ysabel

Ang pagpapabuti sa mga lokasyong ito ay nakakatulong sa pagsasakatuparan ng kaligtasang pantrapiko at mga kapakinabangan sa espasyong pampubliko bukod sa mga layunin ng pagkuha ng tubig-ulan



Halimbawa ng 'rain garden' sa bangketa at may porosidad na pagpapatag